# 5 MONTHS CONTRACT'S SIDE STORY
# PV&Sebastian

Copyright © 2012 by Sparkloon. ALL RIGHTS RESERVED

All rights reserved. No part of these pages, either text or images may be used for any purpose. Therefore, reproduction, modification, storage in a retrieval system or retransmission, in any form or by any means, electronic, mechanical strictly prohibited withour prior written permission.

**SEBASTIAN'S POV**

Ilang days na rin ang nakakalipas nung naka-balik kami galing Palawan at nung umalis si Chris.

Naaawa na kami kay Jill. Lagi na lang nasa bahay nila. Lalabas lang pag-papasok sa school. Kung lola lang talaga yun sa father side magvovolunteer ako na ung pupunta.

Kakababa ko lang sa sasakyan,

Ang hirap pala pag ang course mo ay Business Management. Tssk.

[A/N: di ko matandaan yung course ni Sebastian. Haha nilagay ko ba noon?]

"Haha!! Probinsyana!" sigawan nung mga ka-schoolmates ko. "Taga-Palawan ka! Di ka bagay dito! Haha!"

Sino ba un? Palawan daw? Naalala ko na naman si PV. Pssh. Hilig manakit!

Ayun! Matapos kong makipag-siksikan sa mga tao ang madadatnan ko lang ay tatlong lalakeng nakahilata sa sahig.

"Anong nangyari?" tanong ko sa isang ka-schoolmate.

"May babae raw bumugbog sa tatlong yan."

**PALAWAN**

**BABAE**

**BUGBOG**

PV? Nandito ka ba?!

"Tol!" may umakbay sa'kin

"Oy Kaizer." si  Kaizer kaibigan at ka-varsity ko.

"Tol, may chicks sa 4th year highschool. Baguhan!"

[A/N: diba si Sebastian sa St. Elizabeth Academy pumapasok.haha baka nalimutan niyo. Pinapaalala ko lang. xD]

"Tss. Ligawan mo. Pati Highschoolers pinapatulan mo." sagot ko.

"Tol, nakakatakot. Maganda sana kaso nakita mo ba kung paano niya pinatumba yung tatlo?" sabi niya habang naglalakad papunta sa room.

"Bakit hindi mo subukan muna?"

"Awoo! Sige subukan ko mamaya! Haha! Fling fling muna ako." Amp! 4th year ba si PV? Tss! Di ko kasi naitanong sa kanya. Basta may probinsyana, Palawan, babae, bugbog. Yun lang naman ang kilala sa kanya.

"Gago ka talaga kahit kelan."

"Sabi mo i-try. Haha!"

"Pssh. Dyan ka na nga." iniwanan ko na siya dun sa hallway.

"Teka tol!!" maya-maya nasa tabi ko na naman.

Para Namang tanga tong si Kaizer.

Pagdating namin sa room, hala sige Kaizer.

"Hi girls!" bati ni Kaizer dun sa mga chicks niya.

"Kaizer my gosh!"

"Kaizer, how are yah? I missed you."

"Kaizer, you looked more handsome today."

Mga bati sa kanya nung mga babae niya. Pucha.. Pinagsabay-sabay. Iniwan na niya ako at dun sumama sa mga babae niya.

Meron din ako niyan (babae) kaso iniwan ko na sila. xD

Tinignan ko yung project na gagawin namin ni Kaizer, siya ang tatapos nun.

Pagka-open ko.

Ptngna ka Kaizer! Tumayo ako at hinila ang tenga ni Kaizer.

"Tngna mo Kaizer!"

"Oh  tol? Inaano kita?"

"Sabi ko diba tapusin mo tong project natin?! girls iwan niyo nga muna yang si Kaizer." sabi ko s kanila.

"Wait girls!" sabi ni Kaizer.

"Bye baby Kaizer." sabi nila ng sabay-sabay. Haha!

"Tol naman!! Bakit ganyan ka?" sabi ni Kaizer habang nakasimangot.

"Gago ka sabing tapusin mo muna yang pinapagawa ko."

"Ibabalik mo sila ha!" sabi ni Kaizer

"Bahala na! Haha! Diba sabi mo liligawan mo rin yung kaninang babaeng binugbog yung tatlo?"

"Oo. Layas na tol, gagawin ko pa to." umalis na nga ako.

Sino kaya yung sinasabi niya? Si PV kaya?

Sana hindi!

Joke. Sana OO.

**ALYSSA'S POV**

Remember me? Ako yung kasama/Kapatid ni PV nung hinahanap ni Stephanie si Chris sa Palawan.

"Papa!! Ayoko dun pumasok!!" angal ni PV kay Papa.

Hinatid kasi kami ni papa at mama dito sa Manila. Dito na raw kami mag-aaral.

"Phoebe! Stop whinning! It's final whether you like it or not you and Alyssa will study at St. Elizabeth! Okay?!"

"Papa!! Si Alyssa na lang dun! Sa ibang school ako." angal pa rin ni PV kay papa.

"We said NO! Sasamahan mo si Alyssa! Dalian niyo at malalate na kayo!" Umepal si mama.

"Bukas na ako magsta-start." sabi ni PV

"Hay nako kang bata ka! Alyssa, pahatid ka na kay Manong." sabi ni mama.

"Opo" lumabas na ako at pumunta sa sasakyan. Bakit ba ayaw ni PV dun?

Pagdating ko sa school... Titingin tingin sila.

"Siya siguro yung Taga-Palawan?"

"Yung probinsyana?"

Ganan yung mga naririnig ko.

"Eh ano sa inyo kung Taga-Palawan ako?!"

"Haha! Probinsyana!"

"Taga-Palawan ka pala! Di ka bagay dito!" rinig kong halakhak nila! Lalo na nung tatlong lalake!

Kaasar sila!! Parehas kami ni PV sister! Isang black belter!

"Haaayaaaaaa!"

"Yaaah!"

"Pyaaaaaaa!"

Sigaw ko habang pinatumba yung tatlong lalake!

Narinig kong nag-gasp yung mga tao.

"Asarin niyo pa ako dali!!" sigaw ko sa kanila. Nagsiyukuan naman sila.

Tsss.

Pagpasok ko sa klase ko, nandun na pala yung teacher ko.

"Ms. Tan, please introduce yourself." pssh.

"I'm Alyssa Ann Tan, from Palawan. I transfered here with my sister because of our parents' business. I don't look for friends.. Arigatou."  tapos umupo na ako s upuan ko.

**KAIZER'S POV**

Labasan na nung babaeng nambugbog. xD

Maligawan na. Nag-intay ako sa labas ng room nila.

"Ahh! Si Kaizer!" pssh.

"Bakit nandito si Kaizer?" bawal?

"Si Kaizer, ung 3rd year college ng Business Management nandito?"

Mga chicks. Kaso ang babata pa. Si Babaeng mambubugbog rin naman. XD

Ayan, lumabas na.

"Hey, I'm Kaizer Drake Choi." bati ko dun sa nambugbog. Sabay lahad ng kamay.

Tinitigan lang niya yung kamay ko. Tapos umalis din. Ang sungit.

"Gosh! Yun sinusuyo ni Kaizer?"

"Ahhh! End of the world na?"

Parang tanga naman tong mga babaeng to.

Mas maganda pala yung babae sa malapitan.

Nilapitan ko nga ulit,

"Hi."

"Psh! Back off!"

"Pwede manligaw?" tanong ko

"Shit. I said back off!" sabi niya. Nakakatakot talaga! Sebastian Help!!

"Makikipag-usap lang? Ayaw mo?"

"Fine! Just shut up!" ayun madali palang kausap.

"Garden you like?" tanong ko.

"Di ako kumakain ng garden." sabi niya habang nagaayos sa locker.pilosopo rin pala to.

"I mean, kung gusto mo sa Garden?"

"I'm not stupid. I understood what you've said. Ang stupid lang kasi kung paano ka mag-english. Tanga." natanga pa.

"Tara na?"

Sinundan lang niya ako.

~~Garden

"Talaga? Tayo na, Alyssa?!" woaaah!! Ang bilis. Pero kanina pa kami naguusap. xD

"Ang kulit mo kasi. Yan napa-oo na. Tangna lang!" sabi niya.

"Eh kasi naman kanina Initlog at tinalong mo na ako. Haha!" Sabi ko.

"Psh. Aalis na ako."

Inihatid ko na siya sa gate, dun daw kasi sundo niya.

**ALYSSA'S POV**

Lagot ako neto. Kaizer, Kaizer, Kaizer.

Kakaasar. Ang alam ko eh WOMANIZER un.

PV naunahan kita. Sorry sister.

~~ KINABUKASAN

**PV'S POV**

Uggghhh!! Ayoko pa pumasok.

"Phoebe! Gising!"

"Ano baaaa?"

"Venice! I said wake up!" napatayo agad ako.

Si Papa, Venice na ang tawag sa'kin. Ibig sabihin galit na.

"Phoebe Venice, maligo ka na! Malalate na kayo!" hala whole name na. Agad akong tumakbo sa banyo para maligo.

"Aaaahhhhhhhhhh!!!!!!" sigaw ko. Ayoko talaga dun! Baka nandun si Sebastian! Alam naman nating malaki galit ko dun! Kasi dba siya yung atribida dati sa story ng SteYan. :C

Natapos na rin ako sa panliligo. Tapos bumaba.

"Aalis na kami, pa." sabi ko.

"Oh baon niyo." abot ng pera.

Lumabas na kami. Ako PADABOG.

"Wait! Wait Phoebe." lingon naman ako.

"May training kayo sa school niyo ng Taekwando. You'll continue that."

"Really pa?"

"Yes. Nandun na yung mga gamit niyo ni Ann."

"YES!" tapos tumakbo na ako palabas.

~~SCHOOL

"Alyssa!" huh? May tumawag sa kapatid ko. Wait lemme look.

Lalake?!

"K-Kaizer?"

"Alyssa aalis na ako." sabi ko. Lalake? Boyfriend kaya yun ni Alyssa? Fck that girl. Kahit kapatid ko pa yan. Sasabunutan ko pag nagka-boyfriend.

BTW.

I'm Phoebe Venice Tan. 18 years old. 1st year college. Tourism.

Saan ba dito ang classroom ko.

"Yan! Yan yung sinasabi ko sayo Tol na maganda, ung kasama ni Alyssa. Gusto ko ding ligawan."

Liningon ko yung nagsasalita? May sinabi eh Alyssa daw.

"Sebastian/PV?" sabay kami.

Uminit na naman ang ulo ko.

"Magkakilala kayo?" tanong nung Kaizer.

**SEBASTIAN'S POV**

"Tol! Kami na ni Alyssa!" balita sa'kin nitong si Kaizer.

Alyssa daw yung pangalan nung kahapong babae. Kala ko na si PV.

"Ang bilis ata."

"Ganun talaga. Charismatic ata ako."

"Psh yabang." sabi ko.

"Teka tol, meron kasamang babae si Alyssa! Mas maganda pa sa kanya! Di ko kilala eh! Baguhan din yata! Ibebreak ko na si Alyssa tapos un naman ligawan ko." pagkasabi niya nun.

"Aray tol!" angal niya. Sinuntok ko ng mahina yung muka.

Maya-maya may tinuturo si Kaizer.

"Yan! Yan yung sinasabi ko sayo Tol na maganda, ung kasama ni Alyssa. Gusto ko ding ligawan."

Lumingon ung babae.

"Sebastian/PV?" fck! Tanga talaga ni Kaizer. Pero natuwa ako nung nakita ko siya, I don't know why?

"Magkakilala kayo?" tanong ni Kaizer.

Kinabahan ako! Kaya nagtago ako sa likod ni Kaizer. Malaki ang galit nito sa'kin.

Dinaanan lang niya ako at

"Aray!" sinuntok sa tagiliran.

"Hoy ikaw Kaizer. Saan ang department ng Tourism?" siga.

"S-sa 3rd Floor."

"Kakausapin kta mamaya, 5:00 sa Parking Lot." sabi niya kay Kaizer.

"Okay" tapos umalis na siya.

"Tol! Nakakatakot! Sinuntok ka pa oh." sabi ni Kaizer sa'kin.

"Kaya nga nagtago ako sa likod mo." 1st year college siguro yun. Tourism, maganda matangkad naman, pwede na.

"Tol samahan mo ko makipag-kita sa kanya! Tsaka bat ba ang galit nun sayo?"

"Ayoko nga! Mag-isa ka! Malay ko ba dun, ang galit sakin gawa daw yung sa issue namin ng kapatid ko noon."

"Psh. Pffft hahaha! Patay na ung issue na yun, binubuhay pa nung babaeng yun."

~~LABASAN

"Tol! Samahan mo na ako! Parang awa mo na!" pilit pa rin ni Kaizer sa'kin.

"Tsk. Pumunta ka na dun! Alas-singko na! Baka pagnalate ka eh doblehin pa nun! Haha!" pananakot ko.

"Tol! Parang awa mo na! Kahit utus-utusan mo pa ako araw-araw! Samahan mo lang ako."

"Deal. Tara na! Pero sa may halaman lang ako."

"Oo na! Basta may matatakbuhan ako mamaya."

**PV'S POV**

TANANNANNA! BaBanana, popotato! Ang tagal nila!

0_0 nila? May ineexpect pa ba ako? Wala na. Wala na. Si Kaizer lang pinapapunta ko.

"PV! Wala pa ba?! Bakit mo ba ako pinapatago dito?!" sigaw ni Alyssa na nakatago sa isang halaman. alam ko na, na boyfriend niya yung si Kaizer. -___- kebago-bago. Kaya mamaya ko yan sasabunutan pag-nag training kami.

Binato ko ng bato yung halaman kung saan siya nakatago..

Padati na si Kaizer.

"Yo!" bati niya.

"Yo yo ko yang muka mo. Isang tanong isang sagot, may practice pa ako mamaya. Seryoso ka kay Alyssa?" tanong ko.

"Bakit mo tinatanong yan?"

"I'm just a concerned citizen. For all I know, isa kang WOMANIZER. Usap-usapan"

"Yun na nga eh. Umm makikipag-break na sana ako kasi mas gusto ki---" bago niya tapusin yung sasabihin niya, biglang lumabas si Alyssa at pinagsasapak niya si Kaizer..

"Aray!! Tol!! Sebastian!!!!! Tulong!!!!" sigaw ni Kaizer.

Aba't may katulong pa. Nasaan kaya?

"Tol! Tulong!!"

Hindi ko pa rin siya makita! Where art thou?!

Hmmm!

*ting*

"Isa pag di ka lumabas ako magpapalabas sayo! Alam ko kung nasaan ka!" the truth is di ko pa rin alam kung nasaan siya.

Biglang may lumabas. At si Sebastian na nga.

Gusto ko talaga siyang saktan!!!! Pagbigyan niyo na ako kahit isa lang!

"Hyaaaaaaaah!" binigyan ko siya ng flying kick.

"Awtsss! Nice! Ano bang ginagawa ko?!!" sigaw na tanong niya.

"UNA NAPAKAWALANGYA NIYANG KAIBIGAN MO!! ISA NGA SIYANG WOMANIZER! PANGALAWA DI PA RIN AKO NAKAKA-GET OVER DUN SA GINAWA MO SA STEYAN KO AT PANGATLO SINONG MAS SABING NICE ANG ITAWAG MO SAKIN? PAUSO MO!?!" Sigaw ko sa kanya.

[Nice= Niss]

"Wag mo isisi sa'kin ang pagiging WOMANIZER nyang si Kaizer! Dati pa naman yun!! PATAY na nga yung issue na yun pilit mo pa ring ginagawang Zombie! Eh sa gusto ko ng Nice eh! Nangengelam ka? Ikaw ba yung nagsasalita? Tsaka kaano-ano mo ba yang si Alyysa?!" aba nagtanong pa at sumagot!

"KAPATID KO LANG NAMAN!!! PV ang pangalan ko!! P-V! mahirap ba yun?"

"Hindi halata... Mas maganda yung kapatid mo." sabi niya sabay sipol.. Aba pinipikon talaga ako nito.

"HYAAAAAA!" sabay sipa sa kanya.

"Hayop ka Kaizer!! Tanga-tanga mo! Babangga ka na lang ng tao palpak pa! Ako tuloy ang napagiinitan!"

"Tara na Alyssa, baka maging double dead pa to kung di tayo aalis!" sabi ko..

"PV, tara na nga, late na tayo sa training."

Tapos kinuha na namin yung bag at umalis. Wait there's more!

"DI KA PA TAPOS SA'KIN SEBASTIAN! Tandaan mo yan!!" oo si Sebastian lang, si Alyssa na bahala dun kay Kaizer?

"PV, laki ata ng galit mo dun ah."

"Talaga."

**SEBASTIAN'S POV**

?Walangya. Di ko kinaya yung PV na yun. Lakas ng tama.

"Hoy, Kaizer."

"Tol, wag mo nang doblehin. Ang sakit na ng katawan ko."

"Ewan ko sayo." sabay sipa sa tagiliran niya.

"ARAY ko tol! Malapit na akong mamatay."

"Pssh. Tayo na dyan!" sabay lahad ng kamay ko. Inabot naman niya.

"Kahit kelan ka, palpak."

"Malay ko bang magkapatid yun!"

Tas iniwan ko na siya dun. Para kasing tanga.

I have to admit, mas maganda si PV. Siguro mga 0.99% ang lamang. xDDD

**PV'S POV**

Nakarating na kami kung saan ang training area.

Madami-dami rin palang nagta-training... Hinanap namin yung bag sa mga shelves.

Phoebe Venice Tan's Bag where art thou?

AHA! AYUN!!! Hinablot ko ito pero nalaglag yung shelf. PATAY KA.. Nagtinginan yung mga tao..

PV PV, you're so clumsy..

May nagtaas ng shelf. Isa siguro to sa mga nag-tatraining.

"Next time, don't be clumsy.. Change your clothes.." the VOICE. Manly voice. OMG aaah! He's so handsome!!

"Kayo po ba yung inst----" pero bigla siyang umalis. Ganun?  Suplado.

"Sister, type mo?" ?Bumalik ako sa katotohanan nung biglang nagsalit si Alyssa.

"H-hindi. Ewan ko Alyssa. HAHA! Magpalit na  tayo."

~~~AFTER MAGPALIT.

"So we're complete. We have our new trainees, come here infront and introduce yourselves." agad kaming tumayo

"Phoebe Venice Tan, a black-belter.."

"Alyssa Ann Tan, black-belter also." tapos nag-bow kami.
~~~

Nilapitan kami ni Mr. Pogi.

"I'm Rainer Versoza, 20 years old, your Taekwando Instructor."

WAAH! 20... 20 Yrs. old pa lang! Shzzz. I have a chance! CRUSH KO SI RAIN!

RAIN ang nickname ko sa kanya. xD walang aangal.

**Phoebe Venice Tan's POV**

Another Day with Sir Rain. Tinamaan na yata ako! Goshhh!

Taha! Ang tagal naman ng uwian.>_<

Hayy, Sir Rain, dine-daydream na naman kita..

Sabi ng isip ko Tayo na raw. Ayee!

Sabi rin ni utak may baby na tayo.

Sabi rin ulit minamasahe ko yung likod mo after work.

Waah!!

"As a Tourism student, we all know that Speaking is a part of being a flight attendant or steward and stewardess. Let's call on Mr. Rodriguez to be part of our activity." okay? Boring. Bakit ba kasi Tourism ang course ko? At sino ba yang eextra?

"Mr. Sebatian, please come in." Sebastian, hmm it reminds me of someone.

Blaaaach. Pwe! Yuckkkk! Ewwww! I-masking tape ko yang mata mo.

He winked... Sa'kin.

Yung mga babae, tuwang-tuwa dahil pumasok si Team Captain nila. Sikat nga naman oh.

"Mr. Rodriguez will act as the passenger.. Mr. Rodriguez, who will go first?" aba! Siya pa ang tinanong! Siya estudyante mo prof? Siya?! Kami diba!!

Mukang naghahanap pa.

Ako sana. Ay este hindi ako sana! Ayoko naman ipakita sa kanya ang galing ko noh! Baka tumulo ang laway. Mahirap na, si Captain pa naman yan. *smirk*

Nakita ko siyang ngumiti. Mapanlokong ngiti..

"Ma'am, sino po ang last student niyo? Alphabetically po.. Sa girls lang.."

Tan. **Tan** ang last eh.

0-0 ako si Tan! Tan ang apilyido ko.

"Si Ms. Tan, Mr. Rodriguez.." sabi na eh! Ako si Tan.

"So ayun po. Siya ang gusto kong unahin.."

"Hmm. Ms. Tan, come here infront."

Aigoo! Ayaw ko. Nagbingi-bingihan ako. Magsawa sila!

"I guess Venice don't like to. Sino po ang sunod sa kanya? Before her po" nagulat ako.

Si Papa lang tumatawag sa'kin na Venice. Pati classmates ko nagulat, bat sila magugulat? Eh di naman nila ako tinatawag, wala nga akong kaibigan dito except for Alyssa, my sister.

"Ms. Solan." tumayo yung Solan, pa-cute siya. Kadiri naman ang muka.

Haneeps! Hanerpsss! Hayosss!

Umupo si Sebastiano sa unahan. Sitting Pretty. >:(

"Ladies and Gentlement welcome aboard. Please make sure that all carry-on items are stowed either in an overhead compartment or completely beneath the seat in front of you." aba! Maka-galaw!! Nag-kekendeng kendeng pa!!! Eto namang si Sebastian, the perv is looking in her legs.

"If you have problems with the proper stowage of your items, please let a flight attendant know and we will be happy to help you. If you are seated in an emergency exit row, please read the--"

**"Ako na! Itigil na yan! Nakakadiri! Ano to Porn Show?"**

Nag-agree naman si Prof dun sa sinabi ni **PHOEBE VENICE TAN.**

Tama kayo ako yung nag-salita.

Anger flowed inside my hot sexym body..

"Ms. Tan?" -Prof.

"Oh sure! I'll go infront." sabi ko at tumayo.

*knock*knock*

Yes, may extra. Pumunta si Ma'am sa pinto. Okaaay, nakikipag-chismisan pa ata.. Nagtatawanan sla eh.

My time..

"Sebastianoo, bakit ka napadpad dito?!" tanong ko habang nakataas ang isang kilay.

"Break namin ngayon. Ako yung nahablot nung prof niyo. Ayos diba?"

"Hindi! Yabang, perv ka. Makatitig sa legs nung kaklase ko."

"Makinis, sinong hindi makakatitig?" >_<

"arrrgh." sabi kong habang nakapikit ang dalawang mata. Sobrang pikit at naka-fist na ako.

"Selos ka? Titigan ko rin sayo mamaya. Pataas pa gusto mo? Haha!"

Kumabog yung puso ko sa sinabi niyang selos ka? May fireworks?

Hindi ako nakasagot.. Paano ba?

"Selos ka nga. Uyy! Selos si Nice melabbs."

M-melabbs?

Nice?

"Hindi nga Sebby!" woaaah! Where did it came from?

"Ayun! Haha! May tawgan na tayo. Ikaw si Nice melabbs ko, at ako si Sebby melabbs ko. Haha! Ang baduy."

>//////< hindi na ako makagalaw.

May nagbuhos ng semento sa paa at katawan ko.

"Hindi kita gusto kaya wag mo kong tawaging Nice melabbs ko." sabi ko in a calm tone.

"Sino bang gusto mo?"

"Si Sir Rain." o___o hala!!

"Yung taekwando teacher mo? O Nice. A student likes her trainer.. J-just nice.. Don't talk to me."

D-don't talk to m-me raw? Anong problema niya?

Hmfff! Whatever!

Nag-hand sign na lang ako na 'W'

Natapos rin si Ma'am sa pakikipag-chismisan.

"Ms. Tan you may start.."

Ehem.. Tas nag-hinga ako ng malalim.

"Ladies and Gentlement welcome aboard. Please make sure that all carry-on items are stowed either in an overhead compartment or completely beneath the seat in front of you. If you have problems with the proper stowage of your items, please let a flight attendant know and we will be happy to help you. If you are

seated in an emergency exit row, please read the information on the passenger safety card which is located in the seatback pocket in front of you. If you do not meet the criteria for seating in this row, or if you do not wish to assist in an emergency, let a crewmember know at this time and we will be happy to reseat you. Prior to departure from the gate all cell-phones must be turned off and stowed. Once again, we welcome you onboard."

Huminga ulit Ko ng malalim. Gosh! Ang haba nun, pero all the time na nag-speech ako hindi nakatingin sa'kin si Sebastianoo! What's his problem?

"Ms. Tan, that was amazing! So Mr. Rodriguez, what's your comment?"

Please be good.

"Ayos lang. Tapos na po ba? At nang makaalis na po ako."

Ano bang problema niya?! The heckkklussh!

"Ok, you may go na. Feel ko eh may gusto ka kay Ms. Tan. Haha! Kidding. May next class ka pa.."

***"Thank you. Uhm, no I don't like her Ma'am, I hate her."*** tapos lumabas na siya.

Ah!!! Hate her pala ah!! Parang ang sakit sa part ko nun ah! Parang sinabihan ka nung boyfriend mo na Break na Tayo without reason..

Mas hate ko siya?(!) ewan, OO NA LANG'

Mas hate naman kita!!!!!!!! Aishh!

~~Dismissal

Ay!

*'i hate her'*

*'i hate her'*

*'i hate her'*

*'i hate her'*

Bago ako umalis ng classroom nagsulat ako sa board..

***'you hate me? Fine. But I'm not hating you.'***

At lumabas na ng classroom. Di ko siya hate.. Noon yun! Hate na hate ko siya.

I need to end the past. Ako naman kasi, binuhay buhay pa, ayos na nga silang lahat eh.

Pumunta na ako sa training room.

Makikita ko na naman si Sir Rain. <3 but I'm not wearing smiles.. See?

Gwapo talaga ni Sir Rain! You're my one and o...on... Uhhh! Wala!!

I can't say those words cause it's impossible and I'm confused.

Nag-start na kaming mag-training. Si Alyssa lalo nang gumagaling..

Lalapitan ba ako ni Sir?

Hindi! :< pero nag hand gesture siya na lumapit..

Ako ba yun? Tingin sa likod? Wala

Sa kanan. Wala

Kaliwa.. Wala ako lang..

Tinuro ko yung sarili ko.

Tumango naman siya. OmO.

Kabog kabog si lungs hearty stomach liver pancreas intestines..

Onti-onti akong lumalapit sa kanya.. His smiles.. <3

"S-sir?"

"Phoebe, kilala ka bilang isang black-belter. Wala pa daw nakakatalo sayo? Even your previous trainers. Would you mind if we do 1 on 1?"

O_O oo!! Gusto ko!

Oo, even my previous trainers wala, di nila ako natatalo. Magic? Malay ko.

"O-ok po Sir."

"Rain, call me Rain na lang. Wag ng sir, 20 lang ako."

"Si- este Rain. Ako lang ba po ang may tawag sa inyo niyan?"

"Yes. So let's start?"

Gosh!!!!!!!! Special ako?! Nag-blush na yata ako..

"Ok Si-- Rain."

Nag-start na kami..

Cool pa kami.. Hanggang sa maging

Wild na haha! :|

He's good! Matatalo yata ako..

Sobrang galing niya..

"Nice game with out Miss. I won." talo ako :<

"Rain. Ang galing niyo. Kayo pa lang nakakatalo.."

"Hmm, you should train more.. Change and I shall treat you. Haha! You're not unbeatable" aba at nanlait pa..

Pero ano daw? Date?

Tama rinig ko diba?

"R-Rain? Date po? As in D-date?" hyperventilate!

"No, I said Treat not Date." shoulders down.

"Ah sorry po" pahiya..

Nagpalit na ako.

I'm so excited para sa date.. Opss Treat pala. Special ba ako? Haha!

Pagtapos ko magbihis, nagpaalam muna ako kay Alyssa.

"Alyssa, go home after training okay? I might come home late."

"Saan ka naman pupunta?"

"Basta. Alis na ako ah, bye."

"Bye, take care.. Give me some hug!" Binigyan ko naman siya.

At umalis na..

Asa labas lang pala si Rain.. May extra trainer pa sa loob, wag kayo mag-alala..

"Let's go, Madame?" awkward!

"Po? Madame? PV po! PV po pangalan ko.."

"'po' is prohibitted. Haha! Saan mo gusto?"

I chuckled and answered him.

"A place where magical fairytales begin.. Chaa! Joke lang.. Somewhere, special and quiet.."

"Sa Lagoon tayo.." Lagoon? Meron nun dito?

"Meron dito? Puro buildings kaya dito.. Paano magkaka-lagoon.."

**"Hmm, tonight Magical Fairytales will begin.. Hop in."** tapos binuksan na niya yung kotse niya..

Silence fulfill us..

Wala pang half an hour nakadating na kami sa 'Lagoon' na sinasabi niya.

He handed his hands. Inabot ko naman ito..

Tama nga siya lagoon to, a small lagoon.. Napaka-peaceful dito. Kami lang ata tao dito..

Binuksan niya yung apartment ng kotse niya at.. May kinuha.

Pagkain? Handa talaga siya.

"Hindi ka naman handa noh? Haha!"

"I actually prepared this. So let's go?" tango naman ako.

Hinanda niya yung gamit..

Ang lamig..

"PV."

"Po?"

"I like you."

o___o paulit..

"Ano po?"

"I said it's so cozy.."

"Hindi yun sinabi mo e. narinig ko."

"Narinig mo pala bat mo pa tinatanong?"

**"Sir.. I like you too po."** gosh!!!!! >_< ano ba etooo!

*bsssh*

May tao na iba? May anino akong nakita sa likod nung bushes..

**PHOEBE VENICE TAN'S POV**

"I like you too po sir..." gosh!!!!! >_< ano ba etooo!

*bsshh*

May nakita akong anino sa likod nung bushes.

Di pa ako tapos mag-salita. Hinga malalim.

"P....

**SEBASTIAN NUCKI'S POV**

Lagoon, sa isang lagoon..

"I like you."

"Ano po?" sige lang. Bingi-bingihan. Halatang narinig mo na naman nanlaki pa yung mga mata mo.

"I said it's cozy."

"Hindi naman yun sinabi mo e. narinig ko."

"Narinig mo pala bat mo tinatanong?"

"Sir, I like you too po." hindi ko namalayan, natanggal ko na pala yung mga dahon dito sa tinataguan ko..

Gumawa pa ng ingay.. Agad akong umalis., ayoko na pakinggan yung sasabihin pa niya. Letche.

Ano yun?

PBB teens? Este Student-Teacher Affair?!

Aasa pa rin ako. Alam ko kung hanggang kelan kaya wag kayong makialam. >__<

Mas bagay naman ang **Phoebe Venice Tan-Rodriguez** kesa sa Phoebe Venice Tan-Versoza diba??!

Ayaw ko pa rin gamitin ang apilyidong Javier. Wala paring tayong pakelaman kung bakit.

Curious na curios talaga ako. -__- kaya bumalik ako dun sa tinataguan ko..

Pag balik ko naman. Pucha..

Ano to PBB teens? Magkayakap sila, at parehas pang naka-ngiti.

Ngiting aso. >_>

*Selos ako..*

*Sobra..*

*Higit pa sa pag-seselos ko nun kay Jill at Ryan.*

Gusto kong sumugod na ewan.. punyeta.

**PHOEBE VENICE'S POV**

"S-sebastian?" nagulat na lang ako nung sumugod si Sebastian palapit sa'min. Nakita niyang naka-hug ako kay Rain. Oh Nooo. Gulo to.

"Tss. Nandito pala tayo. Naka-istorbo ba ako?" sabi ni Sebastian

"Moment namin to!" sigaw ko sa kanya.

"Naman talaga oh, pinadala talaga ako dito.. Mission ko ata ay manggulo ng STUDENT-TEACHER Affair. Naks naman nagiging anghel ako. Dito muna ako ah." sabi niya sabay upo sa gitna namin. Ang bastos! Anong student teacher affair na nalalaman nito!? Eh siya.. Wala.

"Ano bang gusto mong palabasin at nandito ka?!" sigaw ni Rain sa kanya.

"Na isa akong anghel na pinapunta dito at pigilan ang ST affair niyo." >///< baka magbago pa ang isip ko! Punyetsss

"WALANG Student-Teacher affair na nangyayari!!!" sigaw ko..

"Eh anong tawag niyo sa pinaggagawa niyo? PBB Teens?" hindi ko alam kung matatawa ako sa PBB teens niya. pffftt..

[A/N: PBB teens? ahhaha natatawa lang kasi ako pag nilalagay ko un.. Pasensya na]

"ANO ba?! May mas kukulit pa ba sayo?! Nangengelam ka dito! Istorbo ka!" sigaw ko..

"Nga naman, istorbo ako. Moment niyo nga pala. I like you three ha! Sali ako." sigaw niya ng may mapait na ngiti..

"Ano bang gusto mong palabasin? HA?! Kanina ka pa ah!" baling ko sa kanya.

"Gusto ko lang naman kasing sabhing...

NAG-SESELOS AKO! SOBRA! Akala ko lalake lang ang pa-fall meron din palang babae. SALAMAT sa pa-fall mong ginawa ha! HIndi ko yata kayang gawin yun sayo dahil mahal kita. Salamat at pinadama mo sa'kin yung ibig sabihin ng TOTOONG SELOS. Nag-tagumpay ka.." 0__0 sabi niya at umalis..

"TEKA!!! Si Rain kasi gu---" napatigil ako nang nagsalita ulit siya.

"Hindi ko na kailangan pakinggan ulit. Masakit eh.. Tama na, paawat!" at tumakbo na siya.

Ayaw niya makinig K.Fine.

"May next time pa." sabi ni Rain.

"Sana. Uwi na ako.." sabi ko..

"Hatid na kita." sabi niya at tumango naman ako..

**SEBASTIAN NUCKI'S POV**

WOOO. Ipamuka ba naman sa'kin.. Sila na ang MU.

SEBASTIAN, ang dami pang babae dyan oh. naknang. Mukang may gusto pa atang sabihin.

*"TEKA!!! Si Rain kasi gus..."* si RAIN ang gusto mo? Tss. Ipamuka. Geh lang Makapag-online na nga lang, baka nandun online kapatid ko..

Makapag-post muna..

**Sebastian Nucki Rodriguez**

**I'm MAD. PSH.**

okay na.. online pala sila eh. Nagcomment.

**Ryan Chris Javier** Yah, anong nangyare?

Wednesday at 7:28pm · Like

**Sebastian Nucki Rodriguez** may iba kasi na ang manhid

Wednesday at 7:29pm · Like

**Sebastian Nucki Rodriguez** BTW bro musta ka na jan sa korea?

Wednesday at 7:30pm · Like

**Ryan Chris Javier** Ibato mo man,manhid pa rin. hahah! cge ibato mo na kung sino man yan.

Wednesday at 7:30pm · Like · 1

**Ryan Chris Javier** May gusto akong ipa-blotter

Wednesday at 7:31pm · Like

**Sebastian Nucki Rodrigue**z hindi ko magagawa ata bro

Wednesday at 7:31pm · Like

**Sebastian Nucki Rodriguez** sino naman bro?

Wednesday at 7:31pm · Like

**Ryan Chris Javier** Pakatanga ka lang, saludo ako sa pagiging martyr mo.

Hinde ba balita dyan? Wag mo na alamin....

Wednesday at 7:32pm · Like

**PV Stories** anyare kuya Chris?

Wednesday at 7:34pm · Like

**Sebastian Nucki Rodriguez** hindi ako magpapakatanga bro pero magkakamatayan na lahat!!! kukunin ko ang dapat na akin!!!

Wednesday at 7:34pm · Like

**Ryan Chris Javier** Labas ka dito PV, usapang lalake.. Lalake ka?

Wednesday at 7:35pm · Like

**Ryan Chris Javier** Sebastian, BEST ACTOR.. hahaha! >p<

SEBASTIAN: KUNIN MO NA ANG LAHAT SA'KIN WAG LANG SI PVmelabss

pftt

Wala nangyari.. Puro bangayan ang nangyari sa'min ni Nice. Haayy..

**PV Stories** wala naman siyang dapat ikaselos eh -_____- hindi naman kami >_<

Wednesday at 7:50pm · Like

**Sebastian Nucki Rodriguez** PSH!!!!!!

Bakit yung mga mag-syota lang ba ang may karapatang mag-selos?!

**Ryan Chris Javier** SINONG RAIN yan? Letcheng pangalan.. hahah RAIN RAIN GO AWAY

Wednesday at 7:54pm · Like

**PV Stories** Chris anong letse? you're so meanie kuya chris -____- that's my taekwondo instructor. ang unang nakatalo sa akin. and he has a good name!!! kapangalan niya si RAIN yung korean superstar :)

Wednesday at 7:56pm · Like

**Sebastian Nucki Rodriguez** THERE!!! LUMABAS RIN!!! PSH

Wednesday at 7:56pm · Like

**Ryan Chris Javier** Rain rain go away, come again another day Dumbo Sebastian wants to play..

Rain rain go away, don't come back you're e-epal little PV and sebby wants to play..

-____-

Wednesday at 7:57pm · Like

**PV Stories** hindi naman ULAN SI RAIN EH!!!! >______<

Wednesday at 7:58pm · Like

**Sebastian Nucki Rodriguez** ulan niyan!!! and a WORST one!!!! ACID RAIN!!!!

Wednesday at 8:00pm · Like · 2

WALA rin, away lang! ><

**Sebastian Nucki Rodriguez** paano ako makaka pan chicks eh naiisip ko may KASAMANG LALAKENG MALANDING PHIDOPHILE ANG BABAENG MAHAL KO!!!

Wednesday at 8:28pm · Like · 1

Yan na ang lumabas. Sorry PV... Galit lang talaga ako.

[a/n: haay, copy-paste. Yan po ang convo nila sa facebook, ang dami kaya hindi ko na ipopost lahat.]

Buti pa tong dalawang to. (JILL and CHRIS) walang ka proble-problema nagawa pang maglambingan sa gitna nung away namin ni PV

**Ryan Chris Javier** Out na ako, tinatawag na ako ng Halmoni ko..

Mag bati na kayo tapos icomment niyo dito "HUG MO KO.. HUG MO KO!"

I MISS YOU ALL! ge na!

Stephanie Jill Javier Iloveyou!

Wednesday at 8:50pm · Like · 1

**Ryan Chris Javier** Maya na ako. samahan ko muna si Jillababes ko.

Wednesday at 8:51pm · Like · 1

**Stephanie Jill Madrigal** HAHAHAHAHA! Iloveyoutoo Chris! ^^

Wednesday at 8:52pm · Like · 1

Kakapagod rin palang umasa.Pero hindi pa rin ako titigil.. Kinontact ko yung cellphone ni Nice.

Pero hindi siya sumasagot.. Tinext ko na lang siya.

**TO: NiceMelabbs**

**Oy, kta tyo. Sa bar mlpit sa scul.**

*bzzzt*

**From: NiceMelabbs**

**wlng OY samn baka wrong no. ka.**

TSSSK. Anooo ba

**To: NiceMelabbs**

**Ikaw, ikaw. ikaw.  Kita tayo. Please. Please.**

*bzzzzt*

**From: NiceMelabbs**

Wala, blanko. Ano kaya yun? Baka oo. Sige nagbihiis na ako at pumunta dun. Pwede pa naman siguro magbago ung pagtingin nun sa'kin diba?

Enemy to Lovers. Pwde naman kami maging ganyan.

**PHOBE VENICE'S POV**

Naasar ako sa pag-uugali niya. Inaway na nga niya ako sa harap ni Rain pati ba naman sa facebook? Inaasar ko lang talaga siya sa facebook, naiirita na rin kasi ako sa kanya...Tch. Ang apog kahit kelan, tapos hindi pa rin niya ako pinatapos kanina. Eto naman kasi dapat sasabihin ko..

***Flashback***

"I like you."

o___o paulit.. shocked ako dun

"Ano po?"

"I said it's so cozy.."

"Hindi yun sinabi mo e. narinig ko."

"Narinig mo pala bat mo pa tinatanong?"

**"Sir.. I like you too po."** gosh!!!!! >_< ano ba etooo! **"Pero.. Crush lang po yun eh..**

**Si Sebastian ang mahal ko. Sorry po."** sabi ko nang naka-tungo..

*end of flashback*

Mahal din naman kita, kaso ayaw mo ko pakinggan.

Hindi ko alam kung paano ako nagkagusto dyan? sabihin na nating Mahal. Poof na lang. Halos dati rati bugbugan kami. Siguro nun once na sinasaktan ko sya physically eh nahuhulog na pala ako..

♫♪You're all I want, yeah yeah
I know you're the one, yeah
You're all I want, yeah
I know you're the one, yeah

Crash into me
At full speed
Crash into me
We can collide, we can collide♫♪

Dali-dali akong tumayo sa higaan at kinuha ko yung cellphone sa study table ko. Inunlock ko ito at binasa yung message

From**: Sebby**

**Oy, kta tyo. Sa bar mlpit sa scul.**

Ano kaya kailangan nito? Hmm, kinuha nga pala daw niya yung number ko sa guidance. Nandun kasi yung mga basic information namin..

**To: Sebby**

**wlng OY samn baka wrong no. ka.**

*sent*

♫♪You're all I want, yeah yeah
I know you're the one, yeah
You're all I want, yeah
I know you're the one, yeah

Crash into me
At full speed

Crash into me
We can collide, we can collide♫♪

**To: NiceMelabbs**

**Ikaw, ikaw. ikaw.  Kita tayo. Please. Please.**

Sinendan ko na lang siya ng blanko.. Magets kaya niya yun? Pumunta na ako sa cabinet at kumuha ng damit.

Bar daw. BAR. lalasingin kaya ako nun? Tapos..

Gaga--- AISH wala. nevermind. Makulay ang brain ko. >///<  Bumaba na ako, kailangan pa magpa-alam. Pag hindi eh babawasan ako ng allowance.

"Pa, lalabas lang po ako saglit.." paalam ko..

"Anong oras ang uwi? Pag alas nuebe wala ka pa, tatanggalin ko ang one-half ng allowance mo para sa isang linggo." sabi ni Papa.

"Papa naman, Extend mo, tignan mo naman 8:56 na. Okay ka lang Pa? 4 minutes?" adik tong papa ko.

"Bahala ka sa buhay mo, basta babalik kang buo. Lumayas ka na. Labas." sabi ni Papa. Yaaay! <3

"Thank you Papa, basta babalik ako. May bawas nga lang ang pera. Bye pa!" sabi ko tapos lumabas. Pag-labas ko nakita ko si Alyssa sa gate.."

"Ate, aalis ka na naman?"-Alyssa.

"Babalik naman ako agad. Ngayon lang kayo natapos?"

"Oo, alangang hindi ka na bumalik. Nga pala ate, nakita ko si ano nga pangalan nun? Uuhhh... Se-Sebo--Sebastian! Ayun, Sebastian, nasa harap nung bar malapit sa school mukang may iniitay, lingon ng lingon eh, parang nawawala. Don't tell me ikaw yung iniitay?" sabi niya sabay ngiti. Ngiting malapad.

"A-asa ka! Punta lang akong Ministop. Bili kita? Ano gusto mo?" Mukang mapapalibre pa ako..

"Ayun! Sige! Bili mo ko hindi kita  isusumbong kay papa na mag-babar ka. Bili mo ko ng isang gallon ng icecream tapos fried siomai. Yun lang. Bye!" sabay pasok sa bahay. Isa pa yung adik.

Pagdating ko dun sa sinasabi niyang bar. Nakita ko siya, nakatayo sa labas.

"Nice?" yuck that name..

"Bakit mo ko pinapapunta dito? At wag mo nga akong tawagang Nice. Close tayo?" tanong ko.

"Tonight, magiging close na tayo. Pasok tayo sa loob?" tanong niya.. Bakit sa bar pa?! Pagpasok namin sa loob, ang ingay. Party-goers. Scattered sila sa dancefloor. Smoke. UGGGH.

Umupo siya dun sa sulok? Blue lights everywhere. Pati yung chairs and table. May lumapit na waiter. Kung ano man tawag.

"Isang Kirin Ichiban at Jager Bomb." -Sebastian.. Ano dalawa iinumin niya?

"Dalawa iinumin mo? Sanay ka na ba dito?" tanong ko.

"Sayo yung Jager Bomb. Oo sanay na ako.. First time ko magsama.. Ako lang lagi mag-isa."

"Ano? Sa'kin yung isa? Ayoko nga!  Ayoko uminom.."

"Na-order ko na, bawal ang refund. Tsaka mas mahal yung sayo kesa sa'kin. Haha! Inumin mo." sabi niya.

"Hello? Hindi ako lasengga! Wag mo nga akong igaya sa'yo!"

"Hindi rin naman ako lasenggo.. Pumupunta ako dito to flirt with girls at nakaka-isang bote or can lang ako ng alak.."

Pumupunta siya dito to what?

**FLIRT?** Ang sakit nun ah! Na-punit ata heart ko.

"Wag ka ngang magulat dyan, last na yung kahapon. Because, right now and until the end ikaw at ikaw lang ang i-fiflirt ko.. Sayo lang ako magpapansin at sa'yo lang ako magpapalandi." sabi niya sabay smirk.

"Yabang, bakit magpapalandi ba ako sayo? Ha? Kay Rain la--"

"Tumigil ka na nga sa kaka-Rain mo! Ako naman! Sebastian naman ang sabihin, gawin mo naman akong araw oh! Para sumikit man lang kahit umuulan! Kahit puro RAIN ang lumalabas dyan!" sabi niya sabay halik sa labi ko..

Nabitin ako.. =<

Pagkatapos nung ginawa niya ay hindi na siya nagsalita. Tapos dumating na yung inorder niya. Ano yun taco?

Tinary ko rin yung Jager Bomb na inorder niya sa'kin. Medyo lasang alcohol pero masarap.

**SEBASTIAN NUCKI'S POV**

Nakakailan na yata ako. Pero hindi pa rin ako nalalasing..

RAIN. Puro RAIN. Punyeta. Iniri pa kasi yang Rain na yan! Pucha..

Tinawag ko ulit yung waiter at umorder ulit ng dalwang Kirin.

"Huy, tama na. Nakaka-anim ka na." rinig kong sabi niya..

Hindi ko na lang siya pinansin.

"Kuya ako nga rin, isa pang Jager Bomb." umorder rin siya? Siya magbayad! ><

"Ano bang gusto mong sabihin at pinapunta mo ko dito? Ha?!" sigaw niya sa'kin, buti nalang at maingay dito.. Hindi ko pa rin siya iniimik.

"Hoy, ano ba! Sagutin mo nga ako.. bakit?"

Hindi pa rin ako sumasagot

"Ano ba naman Sebastian. Buong gabi mo na lang ba ako hindi kakausapin?" Wala pa ring sagot..

"Uy! Uy naman! Bingi ka ba?" Niyugyog na niya ako..

"Manhid ka rin? Niyuyugyog kita! Huyy!" pangugulit niya..

"IKAW ANG MANHID At BINGI SATIN!" sigaw ko sa kanya..

**PHOEBE VENICE'S POV**

"IKAW ANG MANHID AT BINGI SATIN! " sigaw niya sa'kin

"A-Ako? Bakit hindi mo tanungin ang sarili mo!? IKAW ANG MANHID AT BINGI! MANHID MO, Dahil hindi mo maramdaman ang feelings ko para sayo! Bingi ka,

dahil ayaw mo kong pakinggan!! SEBASTIAN!! MAHAL KITA!! Hindi ko alam kung paa-----" natigil ako dun ng bigla na naman niya akong Halikan..

Sweet, passionate, tender at puno nang mpagmamahal tong kiss na to.

Masaya ako dahil siya ang first kiss ko.

"Mahal rin kita. Parehas lang tayong bingi at manhid, ang kaso bulag ka rin pala.. Mahal kita PV." sabi niya between our kisses..

Narinig ko na lang na nag-iba yung tunog.. Naging slow yung music..

[A/N: Out of my League yung kanta.. Hindi ko pa sya napapakinggan, Requested lang by Ate PV.]

"AKIN ka na. Sayo na ako.." sabi ulit ni Sebastian between our kisses..

"Akin ka na rin, sayo na rin ako.. Sayong-sayo na." reply ko sa kanya at kinagat yung labi niya para tumigil muna siya, wala na akong hangin..

Matapos kong makalanghap tinuloy ko na.. Wala kaming pakelam kung may makakita man.. Ang mahala ay masaya kami ngayon sa ginagawa namin..

**END of the SIDESTORY**